
1

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 03: Mga Bagay at Estruktura na makikita sa dadaanan mula Tahanan patungo sa Paaralan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Apat na Markahan – Modyul 01: Mga Bagay at Estruktura na Makikita sa Dadaanan mula Tahanan Patungo sa Paaralan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Febie V Ocampo, Marjorie D Pilon
**Editors:** Lolita V. Lorenzo, Editha C Dimarucut,
Amelia B. Bergonia, Leonora L. Tuason ,
**Tagasuri:** Perfecta M Bautista,Elizabeth R Berdadero, Fidel B Manaligod,
Jenelyn B Butac, Miraflor B Mariano
**Tagaguhit:** Julie Ann N. Lacanaria
**Tagalapat:** Elizabeth R Berdadero, Jay Lord B. Gallarde
**Tagapamahala:** Estela R. Cariño
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Roderic B. Guinucay
Janette V. Bautista
Marivel G. Morales
Robert T. Rustia

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________
**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 3:
## Mga Bagay at Estruktura na Makikita sa Dadaanan mula Tahanan Patungo sa Paaralan

**Paunang Salita**

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Araling Panlipunan 1 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa aralin ng pagtukoy sa mga Bagay at Estruktura na Makikita sa Dadaanan mula Tahanan Patungo sa Paaralan.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

Mga Tala para sa Guro

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag -aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang

hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:
Malugod na pagtanggap sa Araling Panlipunan 1 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa konsepto ng Mga Bagay at Istruktura na Makikita sa Dadaanan mula Tahanan Patungo sa Paaralan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

***Suriin***

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.

***Pagyamanin***

Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.

***Isaisip***

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.

***Isagawa***

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat.
2. Huwag kalimutang sagutin ang Subukin bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari

ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Sa modyul na ito ay pag-aaralan natin ang konsepto ng distansya sa paglalarawan ng sariling kapaligiran.

Matutunan mo sa modyul na ito ang pagtukoy sa mga bagay at estruktura na makikita sa nadadaanan mula tahanan patungo sa paaralan.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

Natutukoy ang mga bagay at estruktura na nakikita sa nadadaanan mula tahanan patungo sa paaralan.

## *Subukin*


| Modyul 1 | Natutukoy ang mga Bagay at Estruktura na Makikita sa Nadadaanan mula Tahanan Patungo sa Paaralan |
|---|---|


**Panuto**: Kulayan ang larawan ng isang kumunidad.





## *Balikan*


Panuto: Lagyan ng tsek (   ) ǡ✓ǥ puso kung ang larawan ay makikita sa loob ng bahay at ekis( **X** )naman kung sa labas.

1. 

4. 


2. 


5. 

3. 

## *Tuklasin*

**Panuto:**Basahin nang masigla ang tula.

Pagpasok sa Paaralan
ni Marjorie D Pilon

Sa pagpasok po sa aking paaralan
Sari-saring bagay ang aking nadadaanan
Mga malalaki at maliliit na bahay ng aming pamayanan
Maging ang luntiang bukid na kaygandang pagmasdan

Nadadaanan ko din ang mga tindahan
*Computer shop, water station* at ang simbahan
Malaking opisina ng barangay at mga talipapa
Maging ang palaruan na punong-puno ng bata

Tunay ngang kayganda ng aming pamayanan
Makulay, tahimik at nakatutuwang pagmasdan
Malinis ang daan at kahit saan pa man
Dahil ang mga tao'y may bayanihan.

## Suriin


Gawain 1: Piliin at bilugan ang mga lugar o estruktura na nadaanan ng bata pagpasok sa paaralan.

| | |
|---|---|
| Palengke | simbahan |
| Ospital | bukid |
| Talipapa | banko |
| Palaruan | mall |
| Tindahan | *computer shop* |
| *Water station* | paliparan |

May mga bagay at estruktura na makikita sa nadadaanan mula tahanan patungo sa paaralan. Magkaiba ang mga istruktura at bagay na nakikita batay sa iyong lokasyon. Ang mga nasa siyudad madalas n nakikita ang mga palengke, ospital, mga gusali, banko, mall samantalang sa baryo, nariyan ang bukid, mga bahay, palaruan, simbahan at marami pang iba. Mahalaga na malaman mo ang mga nadadaanang mga bagay at estruktura mula sa iyong bahay papunta sa paaralan upang mas madali mong matukoy ang lokasyon ng iyong bahay at paaralan.

## ***Pagyamanin***

**Panuto:** Pag-aralan ang mapa larawan sa ibaba. Piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot.




1. Ano ang unang nadadaanan ni Carla pagpasok sa paaralan.
   a. simbahan
   b. bukid
   c. hospital
2. Ang pangalawang estruktura na madadaanan ni Carla ay____________________.
   a. Mabuhay Arko
   b. ospital
   c. simbahan

3. Pagkatapos ng ospital, ano ang susunod na madadaanan ni Carla?
   a. paaralan
   b. palaruan
   c. bukid


4. Ano ang pinakahuling estrukturang madadaanan niya bago makarating sa paaralan?
    a. bukid
    b. ospital
    c. ospital

5. Alin sa mga sumusunod ang hindi madadanan ni Carla pagpasok sa paaralan?
    a. ospital
    b. Mabuhay Arko
    c. palaruan



## *Isaisip*

**Panuto**: Iguhit ang mga bagay o estruktura na makikita sa nadadaanan mula sa iyong tahanan patungo sa paaralan.





# *sagawa*

**Panuto**: Iguhit ang ☺ kung kaya, at ☹ kung hindi kaya.

________ 1. Nasasabi ang lokasyon ng aking tahanan.

________ 2. Nakakapunta sa paaralan mag-isa.

________ 3. Natutukoy ang mga bagay o istrukturang nadadaanan.

________ 4. Naipagmamalaki ko ang aking paaralan.

________ 5. Natutukoy ko ang aking tirahan.

## *Tayahin*

**Panuto**: Iguhit ang mapa mula sa inyong tahanan patungo sa inyong paaralan kasama ang mga bagay at estrukturang nadadaanan.

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Isulat ang TAMA kung tama ang pangungusap at MALI kung ito ay hindi tama.

_______1.   Ang ospital ay isang halimbawa ng estraktura.

_______2.   Hindi nabago ang estraktura at bagay sa magkakaibang lokasyon.

______ 3.   Magkakaiba ang lokasyon ng ating bahay.

_______4. Halos lahat ng bagay at  na nakikita sa paligid ng bahay ay pare-pareho.

______ 5. Huwag bigyang halaga ang mga bagay at estruktura sa paligid ng bahay.



# Susi sa Pagwawawasto

**Subukin**



**Balikan**

Maaaring magkakaiba ang sagot.

**Suriin**

| | |
|---|---|
| Palengke | simbahan |
| Bukid | Talipapa |
| Palaruan | Water station |
| Tindahan | computer shop |

**Isaisip**

Maaaring magkakaiba ang sagot.

**Isagawa**

Maaaring magkakaiba ang sagot.

**Pagyamanin**

1.c
2.c
3.b
4.a
5.b

## *Sanggunian*

K to 12 Curriculum Guide
Araling Panlipunan Unang Edisyon 2017,
Muling limbag 2017
Author: Noel P. Miranda, et al.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph

Edited- ltuason- sept18
Edited-lvlorenzo-9/19/2020
Edited: 9/21/2020 ABBergonia